



# RADIKAL NA PANANAW TUNGO SA *Pagmamahal*

G. John Carlo Perez



Sabi sa isa sa mga awitin ni Julio Iglesias, “...*nothing comes from violence and nothing ever could.*”

Sa ating buhay, may mga pagkakataong tayo ay nakararanas ng masasakit na pangyayari dulot ng mga bagay na ginawa sa atin ng ating kapwa. Tinatawag tayo ng ating mga pagbasa ngayon tungo sa radikal na pagbabago ukol sa ating pang-unawa. Ngunit ano nga ba ang tamang tugon kung tayo’y nahaharap sa ganitong uri ng karanasan? Gagantihan din ba natin ng masasakit na pananalita o gawa silang may galit sa atin?

“Mata sa mata, ngipin sa ngipin.” ang saad ng interpretasyon ng marami sa mga kontemporaryo ni Hesus. Ngunit alam ni Hesus ang batas ng mga Hudyo sa pinaka diwa nito: radikal na pag-ibig ni Yahweh sa kanyang bayan. Kaya’t hinihimok niya tayo ngayong araw na unawain at isabuhay ang diwa ng batas ng Diyos. Tulad ni Yahweh, tinatawag tayong maging radikal sa ating pag-ibig. Bilang mga taga-sunod ni Kristo, inaanyayahan Niya tayong

huwag tumbasan ng galit, poot, at pagkamuhi ang mga maling gawa laban sa atin; Sa atin dapat magwakas ang siklo ng karahasan at pagkamuhi. Sinasalamin ng ikalawang pagbasa ang mensahe ng ebanghelyo. Dito, hinihimok tayong mahalín ang bawat isa sapagkat sa bawat isa, nananahan ang Diyos. Ang ating kalooban ay “templo ng Diyos” ayon kay Apostol San Pablo sapagkat “nananahan sa ating loob ang Espiritu ng Diyos.” Kaya nararapat lamang na ituring natin ang bawat isa nang may paggalang sa dignidad na ipinagkaloob sa atin ng Diyos.

Marahil, mukhang kahangalan ang ganitong ideya para sa nakararami lalo na sa ideyolohiyang nais ng modernong mundo. At hindi rin naman ito talaga madaling gawin. Kaya mahalagang mayroon tayong makitang halimbawa ng radikal na pagmamahal na maaari nating tularan. Una na riyang katauhan ni Mahatma Gandhi na tinuturuan tayong tugunan ang mga pag-uusig at hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan sa hindi marahas na pamamaraan. Nariyan si

San Maximiliano Kolbe na boluntaryong nag-alay ng kanyang sarili bilang kapalit sa mga kapatid niyang walang awang hinatulan ng kamatayan para lamang sa kasalanan ng iisa sa isang *concentration camp* noong panahon ng *Nazi Germany*. Ginawa niya ito bilang tanda ng kanyang hindi pagsang-ayon sa pagpatay sa nakararami sa mga panahong iyon. Nariyan din si Martin Luther King na, katulad ni Gandhi, ay tinuligsa din ang diskriminasyon sa Amerika noong 1950s-1960s, sa pamamagitan ng mapayapang pamamaraan. Higit sa lahat, nariyan si Hesus, ang Diyos na nagkatawang-tao, na hindi gumamit ng karahasan at nagbuwis ng kanyang buhay para sa sangkatauhan.

Hindi man maiaaalay ng karamihan sa atin nang literal ang ating mga buhay gaya ng mga santong martir at mga bayani sa kasaysayan, malinaw ang panawagan sa atin ng ebanghelyong isabuhay ang kapayapaan, pagpapatawaran, at pagmamahal. Nawa, manguna tayo sa daang ito ng kapayapaan at pagmamahal.

## PASIMULA

### Antipona sa Pagpasok

(Slm 13:5–6)

*(Basahin kung walang pambungad na awit.)*

**D'yos ko, ako'y nananalig sa matapat mong pag-ibig. Ang puso ko'y umaawit dahil ako'y 'yong sinagip, nililingap bawat saglit.**

### Pagbati

*(Gawin dito ang tanda ng krus.)*

**P**—Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo nawa'y sumainyong lahat.

**B**—At sumaiyo rin.

### Paunang Salita

*(Maaaring basahin ito o isang katulad na pahayag.)*

**P**—Nananawagan si Hesus sa atin bilang mga anak ng Diyos na tularan ang kanyang pagmamahal na walang pinipili. Bilang mananampalataya, tayo'y tinatawag hindi para magsawalang-kibo sa harap ng kasamaan at kawalang-katarungan kundi para iwaksi at lupigin ang kasamaan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kabutihan at pagmamahal. Nawa, ang eukaristiyang ating ipinagdiriwang ang maging bukal ng ating sigasig at lakas.

### Pagsisisi

**P**—Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat gumanap sa banal na pagdiriwang. *(Tumahimik)*

**B**—Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos, at sa inyo, mga kapatid, na lubha akong nagkasala *(dadagok sa dibdib)* sa isip, sa salita, sa gawa at sa aking pagkukulang. Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo, mga kapatid, na ako'y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.

**P**—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B**—Amen.

**P**—Panginoon, kaawaan mo kami.

**B**—Panginoon, kaawaan mo kami.

**P**—Kristo, kaawaan mo kami.

**B**—Kristo, kaawaan mo kami.

**P**—Panginoon, kaawaan mo kami.

**B**—Panginoon, kaawaan mo kami.

### Gloria

**Papuri sa Diyos sa kaitaan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarantal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin, dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.**

### Pambungad na Panalangin

**P**—Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming makapangyarihan, maisaloob nawa naming palagian ang mga galing sa Espiritu ng kabanalan upang sa salita at gawa ay aming magampanan ang lahat ng iyong mga kinalulugdan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**—Amen.

### PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



### Unang Pagbasa

(Lev 19:1–2, 17–18) *(Umupo)*

*Sa Lumang Tipan, inutusan ng Panginoon ang mga Israelita na mahalín ang kanilang kababayan. Pinalawak naman ni Hesus ang kautusang ito.*

**Pagbasa mula sa Aklat ng Levitico**

SINABI ng Panginoon kay Moises, “Sabihin mo sa buong kapulungan ng Israel, ‘Magpakabanal kayo, sapagkat akong Panginoon ay banal.’”

“Huwag kang magtatanim ng galit sa iyong kapwa. Sa halip, pangangaralan mo siya. Sa gayon, hindi ka magkakasala dahil sa kanya. Huwag kang maghihiganti o magtatanim ng galit sa iyong mga kasamahan. Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili. Ako ang Panginoon.”


—Ang Salita ng Diyos.

**B**—Salamat sa Diyos.

### Salmong Tugunan (Slm 102)

**T**—Ang ating mahabaging D'yos ay nagmamagandang-loob.

Amante



1. Panginoon'y papurihan, purihin mo, kaluluwa,/ ang pangalan niyang banal purihin mo sa tuwina./ Ikaw, aking kaluluwa, ang Diyos ay papurihan,/ at huwag mong lilimutin yaong kanyang kabutihan. **(T)**

2. Ang lahat kong kasalanan'y siya ang nagpapatawad,/ at anumang aking sakit, ginagamot niyang lahat./ Sa bingit ng kamatayan ako ay inililigtas,/ at pinagpapala ako sa pag-ibig niya't habag. **(T)**

3. Kay ganda ng kalooban, mahabagin itong Diyos,/ kung magalit ay banayad, kung umibig nama'y lubos./ Kung siya ay magparusa, di katumbas ng pagsuway;/ di na tayo sinisingil sa nagawang kasalanan. **(T)**

4. Ang silangan at kanluran kung gaano ang distansya/ gayung-gayon ang pagtingin sa sinumang nagkasala./ Kung paano nahahabag ang ama sa anak niya/ gayon siya nahahabag sa may takot sa kanya. **(T)**

## **Ikalawang Pagbasa** (1 Cor 3:16–23)

*Pinapaalala ni Apostol San Pablo na ang ating pagiging templo ng Diyos ay dahil sa pananahan ng Espiritu Santo sa atin. Bilang templo ng Diyos, nararapat lamang na igalang at mahal natin ang bawat isa.*

### **Pagbasa mula sa unang sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto**

MGA KAPATID, hindi ba ninyo alam na kayo’y templo ng Diyos at naninirahan sa inyo ang kanyang Espiritu? Parurusahan ng Diyos ang magwasak ng templo niya. Sapagkat banal ang templo ng Diyos, at kayo ang templong iyan.

Huwag dayain ninuman ang kanyang sarili. Kung may nag-aakalang siya’y marunong ayon sa sanlibutang ito, ibilang niyang siya’y mangmang upang maging tunay na marunong. Sapagkat ang karunungan ng sanlibutang ito ay kamangmangan sa paningin ng Diyos. Ganito ang sinasabi sa Kasulatan, “Hinuhuli niya ang marurunong sa kanila na ring katusuhan.” Gayun din, “Alam ng Panginoon na ang iniisip ng marurunong ay walang kabuluhan.” Kaya’t huwag ipagmalaki ninuman ang nagagawa ng tao. Ang lahat ay inyo: si Pablo, si Apollos, at si Pedro; ang sanlibutang ito, ang buhay, ang kamatayan, ang kasalukuyan, at ang hinaharap—lahat ng ito’y sa inyo. At kayo’y kay Kristo, at si Kristo nama’y sa Diyos.

—Ang Salita ng Diyos.

**B—Salamat sa Diyos.**

**Aleluya** (1 Jn 2:5) (*Tumayo*)

**B—Aleluya! Aleluya! Lubos na magtatamasa ng pag-ibig ng D’yos Ama ang sumunod sa Anak niya. Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** (Mt 5:38–48)

**P—**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo  
**B—Papuri sa iyo, Panginoon.**

NOONG panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad:

“Narinig ninyo na sinabi, ‘Mata sa mata at ngipin sa ngipin.’ Ngunit ngayo’y sinasabi ko sa inyo: huwag ninyong labanan ang masamang tao. Kung may sumampal sa iyo sa kanang pisngi, iharap mo pa sa kanya ang kabila. Kung ipagsakdal ka ninuman upang makuha ang iyong baro, ibigay mo sa kanya pati ang iyong balabal. Kung sapilitang ipapasan sa iyo ng manlulupig ang kanyang dala nang isang kilometro, pasanin mo ito ng dalawang kilometro. Magbigay ka sa nanghihingi sa iyo, at huwag mong pahindian ang nanghihiram sa iyo.

“Narinig na ninyong sinabi, ‘Ibigin mo ang iyong kaibigan at kapootan mo ang iyong kaaway.’ Ngunit ito naman ang sabi ko: ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at idalangin ninyo ang mga umuusig sa inyo, upang kayo’y maging tunay na anak ng inyong Amang nasa langit. Sapagkat pinasisikat niya ang araw sa masasama at sa mabubuti, at pinapapatak niya ang ulan sa mga banal at sa mga makasalahan. Kung ang mga umiibig sa inyo ang siya lamang ninyong iibigin, ano pang gantimpala ang inyong hihintayin? Hindi ba’t ginagawa rin ito ng mga publikano? At kung ang binabati lamang ninyo’y ang inyong mga kapatid, ano ang nagawa ninyong higit kaysa iba? Ginagawa rin iyon ng mga Hentil! Kaya, dapat kayong maging ganap, gaya ng inyong Amang nasa langit.”

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

**B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

**Homiliya** (*Umupo*)

**Pagpapahayag ng Pananampalataya** (*Tumayo*)

**B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.**

**Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating**

**lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nanga-bubuhay at nangamatay na tao.**

**Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.**

**Panalangin ng Bayan**

**P—**Manalangin tayo sa Ama na tulungan niya tayong isabuhay ang salita ni Kristo upang ang kanyang pag-ibig ay tunay na maging ganap sa ating buhay. Sa bawat intensyon, ating itugon:

**T—Ama, gawin mong ganap ang iyong pag-ibig sa aming buhay.**

**L—**Mapagmahal na Ama, gabayan mo sina Papa Francisco, mga obispo, mga pari, mga diakono, at mga layko tungo sa pag-ibig at paglilingkod nang walang kapalit. Kami’y dumadalangin: **(T)**

**L—**Mapagmahal na Ama, gawin mong tapat na daluyan ng iyong pag-ibig lahat ng mga lingkod-bayan. Kami’y dumadalangin: **(T)**

**L—**Mapagmahal na Ama, nawa, silang mga kasalukuyang dumaranas ng matinding pagdurusa ngayon, ay makaranas ng pagmamahal sa mga taong nakapaligid sa kanila. Kami’y dumadalangin: **(T)**

**L—**Itinataas namin ang aming mga kapatid na may pinagdaraan sa kanilang *mental health*. Kami’y dumadalangin: **(T)**

**L—**Amang mapagmahal, yakapin mo sa iyong ganap na pag-ibig ang mga yumao naming mahal sa



buhay. Kami'y dumadalangin: **(T)**

**L**—Itaas din natin ang mga kapatid nating nangangailangan ng panalangin, ang mga pangangailangan ng ating pamayanan, at ang ating personal na mga kahilingan. *(Tumahimik)*. Kami'y dumadalangin: **(T)**

**P**—Ama, isakatuparan mong ganap ang iyong pag-ibig sa aming bawat pagpapasya at gawain sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

**B**—Amen.

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



**Paghahain ng Alay** *(Tumayo)*

**P**—Manalangin kayo...

**B**—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

**Panalangin ukol sa mga Alay**

**P**—Ama naming Lumikha, sa pagganap namin ng banal na pagdiriwang upang ikaw ngayo'y aming paglingkuran hinihiling naming nawa'y mapakinabangan ang aming inihahain sa iyong karangalan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**—Amen.

**Prepasyo** *(Karaniwan I)*

**P**—Sumainyo ang Panginoon.

**B**—At sumaiyo rin.

**P**—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

**B**—Itinaas na namin sa Panginoon.

**P**—Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos.

**B**—Marapat na siya ay pasalamat.

**P**—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Sa dakilang pagtubos niya sa amin ang kasalana't kamatayang aming pasanin ay binalikat niya upang kami'y

palayain at maitampok sa iyong luningning. Siya ang nagtanghal sa amin bilang liping hinirang, pari at haring lingkod sa iyong kamahalan. Mula sa kadiliman, kami'y iyong tinawag upang makasapit sa iyong liwanag bilang iyong angkang may tungkuling maglahad ng iyong dakilang pag-ibig sa lahat.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B**—Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo! Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo! Osana sa kaitaasan! Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon! Osana sa Kaitaasan! *(Lumuhod)*

**Pagbubunyi** *(Tumayo)*

**B**—Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

## PAKIKINABANG

**Ama Namin**

**B**—Ama namin...

**P**—Hinihiling naming...

**B**—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

**Pagbati ng Kapayapaan**

**Paanayya sa Pakikinabang** *(Lumuhod)*

**P**—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

**B**—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

**Antipona sa Komunyong** *(Jn 11:27)*

**Nananalig ako sa'yo sapagkat ikaw ang Kristo na naparito sa mundo bilang sinugong totoo ng Diyos sa mga tao.**

**Panalangin Pagkapakinabang** *(Tumayo)*

**P**—Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming mapagmahal, ipagkaloob mong aming mapakinabangan ang dulot na kaligtasan ng aming pinagsaluhan bilang sangla ng iyong tiyak na pagsagip sa tanan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**—Amen.

## PAGTATAPOS

**P**—Sumainyo ang Panginoon.

**B**—At sumaiyo rin.

**Pagbabasbas**

**P**—Magsiyuko kayo sa mantalang iginagawad ang pagpapala. *(Tumahimik)*

Ama naming mapagpala, nililingap mo ang iyong bayan kahit may mga kaanib na lumilihis ng landas. Ipagkaloob mo ang pasyang magbagong-buhay sa tanan upang ang lahat ay maging lalong matapat sa pagsunod sa iyong kalooban sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**—Amen.

**P**—At Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.

**B**—Amen.

**Pangwakas**

**P**—Tapos na ang Banal na Misa. Humayo kayong taglay ang kapayapaan upang ang Panginoon ay mahalina at paglingkuran.

**B**—Salamat sa Diyos.

## DO YOU WANT TO SUBSCRIBE TO SAMBUHAY DIGITAL MISSALETTE?

For inquiries and orders:

**FACEBOOK:**

Sambuhay Missalette

**GMAIL:**

sambuhay@stpauls.ph

**TELEPHONE NO.:**

(02) 8895-9701